

# Community Collaboration for Children's Success

# South San Francisco

## Plano ng Aksyon sa Lugar 2019-2024

## Pang-ehekutibong Buod




Mga Nagpinta: Programa ng Mga Darating na Pinuno sa Mataas na Paaralan ng South San Francisco, 2013.

Hinanda ni Raimi + Associates

# Kabuuang-ideya ng Inisiyatiba Sa South San Francisco

Ang inisiyatiba ng Pagtutulungan ng Komunidad para sa Tagumpay ng Mga Bata (Community Collaboration for Children's Success, CCCS) ay isang pamamaraan ng San Mateo County na maraming ahensiya para tugunan ang heograpikong konsentrasyon ng maraming kabataan sa mga sistema ng County tulad ng Probasyon para sa Kabataan, Sangay ng Mga Serbisyo sa mga Bata at Pamilya ng Ahensiya ng mga Serbisyo sa Tao, at Mga Serbisyo para sa Kalusugan ng Pag-uugali at Paggaling. Itinutuon ng CCCS ang mga pagsusumikap sa pagpaplano ng komunidad sa apat na lugar para kilalanin at tugunan ang mga pangangailangan ng bawat komunidad habang binubuo ang mga dati nang asset. Ang mga pangmatagalang layunin ng inisiyatiba ay makakuha ng mas magagandang resulta para sa mga bata at kabataan at tulungang iwasan ang mga pangyayari na humahantong sa pagkakasangkot ng sistema para sa kabataan

Apat na lugar ang pinili para bumuo ng mga plano ng aksyon sa lugar para sa inisiyatiba ng CCCS at tinukoy ang mga ito dahil pareho itong may mataas na pangangailangan ng kabataan at mataas na kapasidad para sa malalim na pagiging bahagi at paglahok ng komunidad. Kinalkula ang Index ng Pangangailangan ng Kabataan (Youth Need Index) at Index ng Pagiging Handa sa Pagpaplano para sa Kabataan (Youth Planning Readiness Index) gamit ang datos ng ahensiya at komunidad. Para alamin pa, pakibisita ang www.GetHealthySMC.org/CCCS-data. Ang apat na lugar na natukoy ay nasa loob ng North Fair Oaks/Redwood City, South San Francisco, East Palo Alto, at Daly City.

Ang bahagi sa South San Francisco na natukoy ay kulay lila sa mapa na nasa ibaba, habang ipinapakita ng mga may tuldok na linya ang tinatantyang hangganan para sa pagtutuunang bahagi ng CCCS sa South San Francisco (SSF). Nagsagawa ng outreach at mga pakikipag-ugnayan sa mga miyembro ng komunidad na nakatira, nagtatrabaho o pumapasok sa paaralan na nasa may tuldok na linya, na magtutuon sa mga miyembro ng komunidad mula sa lila na bahagi. Sa pagitan ng Mayo at Disyembre 2018, nagpulong ang isang malaking grupo ng mga stakeholder sa SSF at pinag-usapan ang mga mungkahi ng komunidad para matukoy ang mga isyu ng lugar, mga asset at mga estratehiya ng lugar para suportahan ang tagumpay ng mga bata.



# Proseso ng Pagpaplano ng South San Francisco

Ang proseso ng pagpaplano ay binubuo ng apat na pangunahing hakbang: 1) pagsasama-sama ng komunidad ng SSF, 2) pagsasama-sama ng mga mungkahi mula sa mga residente ng lugar ng SSF, 3) bigyan ng prayoridad ang mga estratehiya para sa Plano ng Aksyon, at 4) pagbuo ng Plano ng Aksyon. Nangyari ang prosesong ito sa pagitan ng Mayo ng 2018 at Pebrero ng 2019, at nagtuon ng pansin sa pagtukoy ng mga layunin, kalakasan at mga isyu ng komunidad, at pagbibigay ng prayoridad sa mga estratehiya.



| 1. | 2. | 3. | 4. |
|---|---|---|---|
| **Pagsasama-sama ng komunidad** | **Kumuha ng mga mungkahi** | **Bigyan ng prayoridad ang mga estratehiya** | **Tapusin ang plano ng aksyon sa lugar** |
| Mayo-Disyembre 2018 | Agosto-Oktubre 2018 | Oktubre-Disyembre 2018 | Disyembre 2018-Pebrero 2019 |

Sa SSF, kumuha kami ng mga mungkahi mula sa humigit-kumulang na **236 na miyembro ng komunidad**:

- **3 *Sabihin sa Amin* (*Tell Us)* na mga sesyon** (mga pag-uusap ng maliit na grupo) kasama ng **22 mga magulang/tagapag-alaga** at
**10 kabataan**
- **Ang mga survey** ay kinumpleto ng **149 na magulang/tagapag-alaga** at **46 na kabataan**, at
- **2 *Pader para sa Pangarap* (*Dream Walls)*** (mga poster na may mahahalagang tanong sa Ingles, Espanyol, Tagalog, at Chinese kung saan ang mga miyembro ng komunidad ay maaaring sumulat o kumuha ng mga tugon) sa hindi bababa sa **9 na sumasagot na nasa hustong gulang.**

Kasama sa lokal na Proseso ng Pagpaplano ng CCCS ang paglahok sa pagpupulong mula sa **65 miyembro ng komunidad**:

- **4 na pagpupulong ng Grupo sa Pamumuno sa Lugar (Neighborhood Leadership Group, NLG) ng SSF:** Humigit-kumulang 65 miyembro ng komunidad ng SSF at mga stakeholder (hindi dinoble) ang lumahok sa 4 na pagpupulong. Ang mga miyembro ng komunidad na ito ay kinatawan ang mahigit sa 32 organisasyon, paaralan, programa at mga ahensiya ng gobyerno o mga departamento. Sinuri at binigyan ng prayoridad ng 22 miyembro ng komunidad at mga stakeholder na dumalo sa ika-3 at ika-4 na mga pagpupulong ng NLG ang mga nangungunang isyu/pangangailangan at mga nangungunang estratehiya, at ang mga miyembro ng NLG na hindi nakadalo ay inanyayahang magbigay ng mga mungkahi sa mga isyu na binigyan ng prayoridad at mga estratehiya sa pamamagitan ng email. Tingnan ang page para sa mga pagtanggap para sa listahan ng mga organisasyon, paaralan, ahensiya at mga programa na lumahok sa proseso ng pagpaplano.
- **3 Pagpupulong ng Komite sa Pamamahala:** 30 miyembro ng Komite sa Pamamahala (kumakatatwan sa 25 ahensiya, departamento, komisyon at mga organisasyon) ang lumahok sa 3 pagpupulong at nagbigay ng masusing feedback sa mga draft na estratehiya sa pamamagitan ng email sa pagitan ng Abril at Oktubre 2018. Makikita sa online ang listahan ng mga organisasyon at ahensiyang kumakatawan sa Komite sa Pamamahala.

# Mga Layunin ng CCCS ng SSF

MGA LAYUNI

1. Ang lahat ng bata at kabataan sa San Mateo County ay ligtas, malusog, at malakas.
2. Ang lahat ng bata at kabataan sa San Mateo County ay nararamdamang sinusuportahan sila ng pamilya, mga kaibigan, at/o iba pang nag-aalagang nasa hustong gulang sa lahat ng setting.
3. Ang lahat ng bata at kabataan sa San Mateo County ay kasali sa pag-aaral at kinikilala para sa kanilang mga kalakasan.
4. Ang lahat ng sistema ng San Mateo County ay naa-access, inayos at nagtataguyod ng pagkakapantay-pantay sa lahi at kasarian.

# Mga Nangungunang Pangangailangan para sa CCCS ng SSF

- **Mga halaga ng pabahay, mahal na pamumuhay at kakulangan ng mga pagkakataon sa trabaho na may sahod na sapat para mamuhay** (at kakulangan ng mga pagkakataon para mabuo ang mga kinakailangang kakayahan/kaalamang kailangan para makakuha ng mga trabaho na may sahod na sapat para mamuhay)
- **Hindi natukoy o tinugunan ang mga isyu sa kalusugan ng isip at paggamit ng droga o alak**
- **Walang sapat na abot-kaya o libreng mga aktibidad pagkatapos ng eskuwela, tuwing Sabado at Linggo at tag-init**
- **Walang sapat na abot-kaya at lokal na pangangalaga ng bata** (kasama ang para sa Sabado at Linggo, gabi at tag-init) **o preschool**
- **Kulang sa mga sumusuportang nasa hustong gulang** (kadalasan ay dahil marami ang trabaho ng mga magulang/tagapag-alaga at walang sapat na pagkakataon para makipag-ugnayan ang kabataan sa iba pang sumusuportang nasa hustong gulang)

# Mga Nangungunang Estratehiya ng SSF

| Mga Estratehiya ng SSF | |
|---|---|
| **Mga Estratehiya sa Antas 1** Tinitiyak na ang lahat ng bata, kabataan at pamilya ay mamumuhay sa ligtas, matiwasay at sumusuportang mga kapaligiran | 1. Palitan ang mga pandisiplinang patakaran ng paaralan para makapag-aral ang mga bata/kabataan sa klase at iugnay sa mga suporta/mapagkukunan. |
| | 2. Gumamit ng mga lokal na pagpapatupad ng batas kasama ng rumirespondeng team para iugnay ang mga miyembro ng komunidad sa serbisyo. |
| | 3. Palawakin ang trabaho para mapaganda ang kapaligiran ng paaralan at ang kamalayan tungkol sa komunidad/kundisyon sa paaralan. |
| | 4. Magbigay ng libre at kumpidensyal na pagpapayo at pagrerekomenda ng serbisyo sa pamamagitan ng mga linya para sa krisis, lalo na para sa mga may malubhang alalahanin sa kalusugan ng isip. |
| | 5. Palawakin ang mga serbisyong makukuha sa mga paaralan at buuin/palawakin ang tagapamahala ng komunidad, *mga tagataguyod*, at/o peer-to-peer na modelo para tulungan ang mga tagapag-alaga na malaman, umugnay at siyasatin ang mga pansuportang serbisyo. |
| | 6. Magbigay ng mga serbisyo sa kalusugan ng isip/pag-uugali sa mga paaralan sa lugar. |
| **Mga Estratehiya sa Antas 2** Pagbuo ng katatagan sa mga bata at kabataan | 7. Itaguyod ang paggamit ng mga curriculum ng pag-aaral na may kaugnayan sa panlipunan at emosyonal batay sa katunayan sa mga paaralan at iba pang kapaligiran, pati rin ang nauugnay na mga programa para sa maagang pamamagitan. |
| **Mga Estratehiya sa Antas 3** Pagbibigay ng nakalaang suporta para matugunan ang mga hindi natugunang pangangailangan sa mga pangunahing edad | 8. Palawakin ang mga lugar para sa preschool na nakakatanggap ng tulong na salapi at pangangalaga ng bata para sa mga pamilyang mas mababa ang kita. |
| | 9. Palawakin ang abot-kaya (o libreng) mga pagkakataong humusay pagkatapos ng eskuwela, tuwing Sabado at Linggo at tag-init para sa mga bata at kabataan na mas mababa ang kita. |
| | 10. Dagdagan ang mga pagkakataong makakuha ng trabaho na may sahod na sapat para mamuhay para sa mga magulang/tagapag-alaga at kabataan na natukoy na nasa panganib. |
| | 11. Gamitin at/o palawakin ang "pabahay muna" na pamamaraan para mapanatiling may tahanan ang mga pamilya. |
| | 12. Magsimula ng may tina-target na insiyatiba para sa basic na kita. |

# Mga Susunod na Hakbang

Ang Plano ng Aksyong ito ay isang panawagan sa komunidad para gumawa ng aksyon! Ipinapakita nito ang mga mungkahi ng maraming miyembro ng komunidad mula sa lugar ng SSF at mahalaga at matapang sa hakbang para matiyak ang tagumpay sa SSF ng mga bata at kabataan. Bumubuo ito ng lokal na kalakasan at nagpapakita ng menu ng mga pangunahing estratehiya para tugunan ang mga lokal na isyu at prayoridad. Ang layunin ng Plano ng Aksyon ay manghikayat ng aksyon, anyayahan ang pampubliko at pribadong pagtutulungan, hikayatin ang pagkakaayon sa mga lokal na organisasyon at tiyakin ang patuloy na paglahok ng komunidad. Sa pamamagitan ng pagtukoy sa malawak na mga larangan (o mga Antas), ang Plano ay nagpapakita ng daan sa tagumpay ng mga bata at kabataan, at—sa ngalan ng daan-daang miyembro ng komunidad na lumahok—ay mayroong paanyaya para gamitin ang mga asset at lakas ng lokal na komunidad para ipatupad ang mga ipinapakitang estratehiya rito.

Para sa pagpapatupad ng plano sa lugar ng SSF, mananawagan ang San Mateo County sa lokal na grupo ng mga stakeholder para pagbutihin ang mga natukoy na estratehiya at siyasatin kung paano matutugunan nang mas mabuti ng mga dati nang pamumuhunan ang mga isyung binigyan ng prayoridad. Hinahangad din ng County ang karagdagang panlabas na pagpopondo para sa pagpapatupad ng plano ng mapagkukunan.

Maaaring gamitin ang mga sumusunod na palatandaan para suportahan ang pagsubaybay ng mga ipinatupad na estratehiya.

| Mga Pangunahing Resulta | Mga Palatandaan |
|---|---|
| ⬇ Mas kaunting mga bata at kabataan ang kabilang sa matitinding sistema ng County | ▪ Bilang ng mga bata at kabataan sa bahay ampunan, sa Probasyon para sa Kabataan, at/o pagtanggap ng mga serbisyo ng Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Pag-uugali at Paggaling (Behavioral Health and Recovery Services, BHRS)<br>▪ Haba ng panahong kabilang ang mga bata/kabataan sa matitinding sistema ng County |
| ⬆ Nadagdagang kita | ▪ Nasa katamtamang kita ng sambahayan para sa mga sambahayan na may mga anak at kabataan<br>▪ Porsiyento ng mga pamilyang may mga anak na mababa sa 300% ng Pederal na Antas ng Kahirapan |
| ⬇ Nabawasang gastos para sa mga pamilyang may mga anak/kabataan | ▪ Bilang ng mga bata at kabataang mababa ang kita na kalahok sa mga aktibidad ng pagpapahusay na binibigyan ng tulong na salapi o libre sa tag-init at/o pagkatapos ng eskuwela<br>▪ Bilang ng mga lugar para sa pangangalaga ng bata/preschool na binibigyan ng tulong na salapi |
| ⬆ Dagdagan ang pag-iwas at maagang pamamagitan para sa mga isyu sa kalusugan ng isip at paggamit ng droga o alak | ▪ Porsiyento ng kabataang inuulat na nalasing o lango sa paaralan sa nakaraang buwan<br>▪ Porsiyento ng mga estudyanteng inirekomenda sa Grupong Nag-aayos ng mga Serbisyo (Coordination of Services Team, COST) na matagumpay na naiugnay sa mga pansuportang serbisyo |
| ⬆ Dagdagan ang abot-kayang mga aktibidad pagkatapos ng eskuwela, tuwing Sabado at Linggo at tag-init para sa kabataan | ▪ Bilang ng mga bata at kabataang mababa ang kita na kalahok sa mga aktibidad ng pagpapahusay na binibigyan ng tulong na salapi o libre sa tag-init at/o pagkatapos ng eskuwela |
| ⬆ Dagdagan ang pagkakaroon ng abot-kayang pangangalaga sa bata at preschool | ▪ Bilang ng mga lugar para sa pangangalaga ng bata/preschool na binibigyan ng tulong na salapi<br>▪ Bilang ng mga lokal na provider ng pangangalaga sa bata na tumatanggap ng mga tulong na salapi at nagbibigay ng pangangalaga sa bata nang lampas sa 8am-6pm sa mga karaniwang araw na hindi holiday |
| ⬆ Mas maraming sumusuportang mga ugnayan sa pagitan ng mga bata/kabataan at mga nag-aalagang nasa hustong gulang | ▪ Porsiyento ng mga estudyanteng may positibong mga ugnayan sa kanilang mga guro o iba pang nasa hustong gulang sa paaralan (index ng mga nag-aalagang nasa hustong gulang ayon sa Survey ng California sa Malulusog na Bata (California Healthy Kids Survey)<br>▪ Porisyento ng mga estudyanteng inuulat ang mataas na antas na pakikibahagi ng magulang (index ng pakikibahagi ng magulang ayon sa Survey ng California sa Malulusog na Bata) |

Sa pakikipagtulungan sa Komite sa Pamamahala ng CCCS sa Buong County, natukoy na ang mga estratehiya sa buong sistema sa County ay gumagawa ng pag-usad sa minimithi ng mga komunidad para sa aming mga sistema. Magpapatuloy ang County na muling balikan ang mga estratehiya para gumawa ng pag-usad sa pangkalahatang mga layunin ng inisiyatiba at umayon sa lokal na trabaho.

# Mga Pagkilala

Espesyal na pasasalamat sa South San Francisco Champions, mga lumalahok sa Grupo ng Pamumuno sa Lugar at sa Konseho ng Lungsod ng South San Francisco.

## Mga Kalahok na Organisasyon, Mga Programa at Mga Ahensiya sa CCCS ng Katimugang San Francisco

- Mga Serbisyo Sa Paggaling mula sa Pagkalulong sa Droga ng mga Asyano at Amerikano (Asian American Recovery Services), isang programa ng HealthRight 360
- The Big Lift
- Boys & Girls Club: Orange Park Clubhouse
- Boys & Girls Club: Paradise Valley
- Boys & Girls Club: Sunshine Gardens
- California Academy of Sciences
- Mga Serbisyo sa Mga Bata at Pamilya (Children & Family Services), Ahensiya ng San Mateo County (SMC) para sa Mga Serbisyong Pantao
- Center ng Komunidad para sa Pag-aaral (Community Learning Center)
- Distrito 1, Opisina sa Pine ng Superbisor
- Edgewood
- Grupo para sa Mga Serbisyo sa Pamilya
- Felton Institute
- First 5 San Mateo County
- Help Me Grow
- Leo J. Ryan Preschool, Peninsula Family Services
- Pagtutulungan sa Pag-iwas ng North County (North County Prevention Partnership, NCPP)
- Pinaglilingkurang Lugar sa Hilangang-silangang Komunidad/Komite sa Pagpapayo ng Komunidad (Northeast Community Service Area/Community Advisory Committee)
- Planned Parenthood Mar Monte
- Programa para sa Bago Ipanganak hanggang Tatlong Taon (Prenatal to Three)
- Proyekto tungkol sa Pagbabasa (Project Read) ng Hilagang San Mateo County
- Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Pag-uugali at Paggaling ng San Mateo County
- Mga Mapagkukunan na Pantao ng San Mateo County/Mga Trabaho para sa Kabataan (Jobs for Youth)
- SF Hep B Free - Bay Area
- Skyline College
- Klinika sa Katimugang Lungsod (South City Clinic)
- SSF Asian Alliance
- Opisina ng Tagapamahala sa Lungsod ng SSF
- Komisyon ng SSF sa Sining Pangkultura
- Sangay na Pangkabuhayan at Pabahay ng SSF
- Aklatan ng SSF
- Departamento ng SSF para sa Mga Liwasan at Panlibangan
- Komisyon ng Mga Liwasan at Panlibangan ng SSF
- Pulisya ng SSF
- Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng SSF
- StarVista
- Thrive Alliance
- Watch Me Grow/Community Gatepath
- Sentrong Pangkomunidad para sa Mapagkukunan ng YMCA
- Sentro sa Paglaki ng Bata ng YMCA
- YMCA ng San Francisco (SF) - Mga Serbisyo sa Lungsod

## Mga Ahensiya at Mga Organisasyong Kinatawan sa Komite sa Pamamahala ng CCCS

- Sangay ng Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Pag-uugali at Paggaling, Sistema ng Kalusugan ng San Mateo County
- Sentro para sa Maagang Pag-aaral, Silicon Valley Community Foundation
- Sangay ng Mga Serbisyo sa Mga Bata at Pamilya, Ahensiya ng Mga Serbisyo sa Tao ng San Mateo County
- Mga Serbisyo para sa Trabaho, Ahensiya ng Mga Serbisyo sa Tao ng San Mateo County
- Faith in Action
- Sangay ng Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Pamilya, Sistema ng Kalusugan ng San Mateo County
- First 5 San Mateo County
- Lupon sa Pagpapayo para sa Kinakailangang Kabataan
- Health Plan of San Mateo
- Mga Trabaho para sa Kabataan (Jobs for Youth) (Pamumuhunan sa Trabaho ng Kabataan), Mga Mapagkukunan na Pantao ng San Mateo County
- Hukumang Pangkabataan, Kataas-taasang Hukuman ng San Mateo County
- Unit na Pangkabataan, Opisina ng Abugado ng Distrito ng San Mateo County
- Legal Aid Society of San Mateo County
- Opisina ng Pagkakaiba-iba at Pagkakapantay-pantay, Sangay ng Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Pag-uugali at Paggaling, Sistema ng Kalusugan ng San Mateo County
- Opisina ng Superbisor Carole Groom
- Peninsula Conflict Resolution Center
- Programa ng Pribadong Tagapagtanggol, Sangay na Pangkabataan (Kapisanan ng Mga Abugado ng San Mateo County)
- SAMCEDA
- Komisyong Pansining ng San Mateo County
- Konseho ng San Mateo County para sa Pag-iwas sa Pang-aabuso sa Bata
- Departamento ng Pabahay ng San Mateo County
- Komisyon ng San Mateo County para sa Hustiya sa Kabataan at Pag-iwas sa Mga Krimeng Ginawa ng Kabataan
- Aklatan ng San Mateo County
- Opisina ng Edukasyon ng San Mateo County
- Departamento ng Mga Liwasan ng San Mateo County
- Departamento ng Probasyon ng San Mateo County
- Komisyong Pangkabataan ng San Mateo County
- Institusyon ng Pamumuno ng Kabataan (Youth Leadership Institute)

## Mga Ahensiya ng Sistema ng Pangangalaga sa Mga Bata at Kabataan ng San Mateo County (San Mateo County Children and Youth System of Care, CYSOC)

- First 5 San Mateo
- Kagawaran ng Kalusugan ng San Mateo County
- Ahensiya ng Mga Serbisyo sa Tao ng San Mateo County
- Opisina ng Edukasyon ng San Mateo County
- Departamento ng Probasyon ng San Mateo County

Ang mural na ipinakita sa cover ay ipininta noong 2013 ng Programa ng mga Darating na Pinuno sa Mataas na Paaralan ng South San Francisco sa suporta ng guro sa panahong iyon na si Gustavo Lopez at ang Peninsula Conflict Resolution Center.